# Sa Antipolo pa rin ang Antipolo

*mga tula*

**Sa Antipolo pa rin ang Antipolo**

Lumayas ako at inisip na may nilalayasan ako.
Nakabibingi ang awit ng pag-ibig
kahit nakasakay ka na sa sasakyang maglalayo sa iyo
sa iisang lugar na binabalikan mo.
Traysikel, jeepney, bus.
Sumasakay dahil gusto mo.
Bumabalik kahit ayaw mo
dahil kailangan mo. Sa kaso mo, Antipolo. Sa kaso ko,
ang ritmo ng iyong pulso.
Noong gabi bago ako umalis, nagdasal ako
sa kapilya ng iyong tadyang, at bumungad
ang pangitain ng iyong puso, ang tahimik mong dugo.
Nuestra Señora de la Paz y Buen Viaje, ipanalangin mo akong naglalakbay
sa lalawigan ng alaala niya. Bus na humaharurot
sa pagitan ng dalawang lungsod. Dakilang makata
sa labas ng aking bintana, bundok at bukid,
bundok at bukid.
Idiniin ko ang aking tainga
at kunwari'y pinakikinggan ang paglipas ng kalsada.
Naririnig ko ang aking katabi habang nagkukutkot
ng butong-pakwan. Sa lapag, ang pinaghunusang balat
ng kaniyang pinagkainan. Hindi ako makapagdesisyon
kung para ba itong mga taingang
nakikinig sa hugong ng makina
o mga pusong pinagbiyak sa kalahati,
nanghihingi ng tula.

**Sa Antipolo pa rin Ako Naghihintay sa Pagbalik Mo**

Kinakausap ko ang semento ng kalsada sa may Overlooking.
Galit siya dahil lagi siyang napaglilipasan. Inalayan ko siya
ng limang pisong taho para mahimasmasan.
Nakikipagtitigan ako sa liwanag ng Kamaynilaan
mula dito sa bundok—sino ang unang kukurap—
at pinusta ang katinuan ko. Alam naman nating
ang lungsod lagi ang nananalo. Ang totoo,
iniisip kita at ang iyong mga pisngi,
ang puyo sa iyong ulo.
Paanong gusto kitang bilhan ng sampagita
at isabit sa leeg mo. Tuwing nakikita ko
ang hibla-hiblang buhok sa iyong batok,
nagpipiyesta ang dugo ko, nagsasayaw sa makitid na daan ng aking katawan
ng *Tayo na sa Antipolo*, makukulay na baro't saya,
mabulaklak na arko,
hanggang makarating sila sa katedral ng aking mga pulso.
At ang nanalo ay hindi ako, Samantha.
Kailangan ko lang maging malungkot
kahit ngayon lang. Kaya ako umuupo
sa malapit sa bangin, nakatalikod sa humaharabas
na mga sasakyan, hinahanap ang bintana ng kuwarto
sa kung saan ka man natutulog ngayon.
Tantiya ko mula sa malayo,
nakatalikod ka na naman sa bintana at nakapatay ang iyong ilaw.

**Sa Antipolo Maraming Kinakanta ang mga Bata Tuwing Flag Ceremony**

Inilalagak ko ang aking kanang kamay
sa iyong kaliwang dibdib
at umaawit ang dugo kong *sa dibdib mo'y buhay*.
May mga lasenggong ngayon pa lang umuuwi
habang umaakyat ang watawat
sa kaniyang langit na bughaw.
May baong halimuyak ng gin bulag ang kanilang halik
sa nagdadadakdak nilang asawa.
Pangako ko sa iyo, hindi tayo magkakaganiyan.
Unang patunay: tumitindig ang balahibo ko sa braso
kapag umaawit ka na
ng Lupang Hinirang. Panata ko kay Samantha,
iniibig ko ang iyong mga mata.
Ang bubong, dingding, at sahig ng iyong bunganga.
Ito ang tahanan ng aking mga kasalanan.
Sa limang lalawigan ng CALABARZON
at sa marami nitong siyudad, handa kitang pakasalan.
Gusto kong awitan ang bawat bahagi ng iyong katawan:
Pinagpala ng Maykapal ang iyong mga binti.
Mabuhay ang sugat sa iyong tainga, mabuhay ang lubog
ng iyong pisngi.
Mamahalin ko ang balikat mo sa habang panahon.

**Sa Antipolo Ako Napaibig Sa Iyo**

Mas dama kita kapag hindi kita nakikita.
Sa madaling salita,
hayaan mo akong ibigin ka kahit patay ang ilaw.
Gusto kong ibaon ang mukha ko sa iyong batok,
kaya lagi akong naglalakad sa likuran mo.
Hindi pa kita dinadala sa bahay ko sa Antipolo
ngunit nakabukas ang pinto ng balat ko para sa iyo,
at parang ganoon na rin iyon sa tingin ko.
Minsan iinisip ko
kung ano ang nasa ilalim ng iyong kamiseta,
at kung ano ang nasa ilalim ng nasa ilalim
ng iyong kamiseta. Maaari mong sabihing
mahilig ako sa mga malalalim na palaisipan,
pero gusto ko lang namang makasama ka
sa iisang kama.
Kahit hindi pagtatalik. Kahit pagtulog lang.
Kahit marinig ko lang ang mahina mong paghilik.
Idadantay ko ang ulo ko
sa lawak ng iyong dibdib. Matutulog akong binibilang
ang pilik-mata mo sa dilim.

**Sa Antipolo Wala Pa Ako Nakikitang Puno ng Tipulo**

Nanaginip ako kagabi tungkol sa iyo
sa pang-ilang pagkakaton na. Nilalakad ko
ang talahiban sa pagitan ng Dela Paz at San Roque,
nakaluhod na parang namamanata sa Quiapo.
Lumuhod ako sa harap ng isang puno,
itinago mula sa gabi
ang naninikip kong pulso. Ang kitid ng ugat ko,
ang labnaw ng dugo, ang lagnat ng pangalan mong
bumabarang sa aking gunita.
Nakita ko ang nagliliyab na imahen
ni Birheng Maria sa tuktok ng tipulo.
At sa nakakuyom na palad ni Maria,
ang tarheta kung saan nakasulat
ang numero ng telepono mo.
Sa pinakamalalang gabi,
nagdedeliryo ako't nakikita kitang
kinakalas ang pagkakatali ng iyong bestida.
Sa pinakamalalang umaga
madalas paglipas ng pinakamalalang gabi,
paos akong nagigising
kakatawag sa pangalan mo.

**Sa Antipolo Malakas Minsan ang Pag-ulan**

Napanaginipan ko kagabi na hinuhubaran kita. Gumising ako ngayong umaga na gustong itama ang lahat ng aking pagkakamali. Isinilid ko ang aking katawan sa isang maleta at ipinadala sa iyong inuupahang kuwarto. May liham doon: Babalutin kita ng kahit anong maaaring ibalot ko sa iyo: hininga, titig, braso, pag-ibig. At heto na naman tayo sa pag-ibig. O dakilang pag-ibig. O tarantadong pag-ibig. Buong akala ko matatakasan ko sa tulang ito ang pag-ibig, ngunit nagkamali na naman ako. Ngayon pa lang, gusto ko nang sumuko sa pagtula. Kaya matapos ang bagyo kaninang madaling-araw, lumabas ako at kinausap ang puno ng sampalok na itinumba ng unos kagabi. Sipi ng aking panayam: *Huwag kang iibig sa bagyo kahit pangakuan ka niya ng sanlaksang ulan.* Sa madaling salita, marami akong gustong ihingi ng tawad sa iyo. Ibang pamagat para sa tulang ito: Ang Dahilan Kung Bakit Nasa Kuwarto Mo Ako Kagabi.

**Sa Antipolo Marami pa ring Nagkakabanggaan**

Sa talinghaga ng tulang ito, ako ang Marcos Highway,
at ikaw ang Sumulong. Sa talinghaga ng tulang ito,
ang kama mo ang palengke ng Masinag.
Nakabalandra sa sahig ng iyong silid
ang ating mga katawan, pinapatuyo ang pawis
sa ilalim ng iyong papatay-patay na ilaw.
Kagabi naghanap ako ng paraan
upang maisilid ang halimuyak mo. Umiyak ako noon
dahil hindi ko maaaring gawin iyon.
Pinatatahan mo ako kaya pasensya na't
nagsinungaling ako. Walang naaksidente
sa mga kaibigan ko noon,
pero may kakilala akong ganoon din ang nangyari.
Tanungin mo pa ang 7-11 at Burger Machine sa may kanto.
Inipit ng bakal at ng semento ang kaniyang binti
kaya pinutol ito ng mga doktor. Ngayon alam mo na ang dahilan
bakit lagi akong nagmomotorsiklo. Ayoko pang mamatay,
ngunit gusto ko pa ring tawirin
ang mapanganib na kalsada ng iyong mga braso.
Hinahanap ko ang iyong palad
sa aking mga palad. Ipinagsara ko sila kanina sa simbahan
at nagpasalamat sa mga dalubhasa ng siyensya.
Salamat sa biyaya ng lungsod at ng grabedad.
Salamat sa medisina at sa bote-botelya ng gamot-pampatulog.
Salamat sa biyaya ng kutsilyo't pagpapaopera.
Baka mamayang gabi hindi na kita madama.

**Sa Antipolo Maraming Nakatayong Resort**

Kung sasabihin kong nahulog ang loob ko sa iyo, baka mas lumayo ka pa mula sa kinatatayuan ko. Patawad, pero nahulog ang loob ko sa iyo.

Kung sasabihin ko ito nang maraming-maraming beses, at kung totoo ngang bilog ang mundo, matatagpuan kita bukas na nakahilig ang ulo sa likod ko.

Mahal kita pero ilang tula na ba ang nagsabi noon, kaya ganito na lang: Kaninang umaga, naalala kita, kaya hindi ko nilagyan ng latik ang aking suman.

Umakyat ako ng Hinulugang Taktak at wala akong nakitang talon. Inisip ko baka naisilid mo ang tubig sa maleta mo noong lumayas ka ng Antipolo.

Kung maglalakad akong nakapiring ang mata patungo sa iyo, gagabayan ako ng lagaslas at ragasa ng iyong puso. Hayaan mo akong malunod kapag sa wakas ay nagtagpo muli tayo.

**Sa Antipolo Madumi ang Pulitika**

Ayoko ng gulo, kaya ako lumayo. Ayaw mo ng gulo,
kaya mo ako nilayuan. Maingat ako ngayon
sa tuwing naghuhugas ako ng plato,
hinahaplos na para silang mga pisngi mo.
Kaya sa susunod na eleksyon, tatakbo ako
bilang alkalde ng Antipolo. Unang ordinansa:
Iibigin mo akong muli. Ikalawang ordinansa:
Tatakbo tayo palayo.
Hanggang doon pa lang ang naaabot ng plano ko.
Mula ikatlo hanggang ikatatlumpung ordinansa,
puro pagtatalik lang ang alam ko.
Pagtatalik sa damo. Pagtatalik sa kuwarto.
Pagtatalik na parang mga aso. Parang mga buwaya
sa lagkit at labo ng ilog. Ipininta ko ang mukha mo
sa sukal ng dibdib ko, isang timba ng gawgaw
para hindi ka na makawala. Ipininta ko
ang aking mga plano sa mga pader ng aking kuwarto
at pinanood ito habang hinahaplos ito ng liwanag
ng dapit-hapon. Sa mga gabing hindi ako makatulog,
walang muwang kong tinutuklap
ang pangalan mo sa likod ng lalamunan ko. Naghihingalo.

**Sa Antipolo Mahirap Maghanap ng Masasakyan**

Kaya sagrado ang sining ng pagsakay sa Pilipinas.
Isang makabagong litanya ang pagsaulo ng ruta.
Tren, jeep, tren, at nasa tapat na ako ng bahay mo.
Salamat sa Diyos sa biyaya ng ilaw-poste.
Kailangan mong mautakan ang Makati, ang sabi mo,
kaya pinasok mo ang kaniyang puso
na parang Akyat-Bahay.
Ganoon ka, mahilig kang manghimasok
sa puso ng may puso, ginagawa mong tirahan
pagkatapos sisilaban kapag inanay na't binukbok ng panahon.
Ganito ako ngayon: binukbok ng panahon.
Mahirap makipaghabulan sa babaeng may nunal sa talampakan,
sa babaeng may kasaysayan ng sakit sa puso,
ngunit heto pa rin ako, nananalamin
habang pauwi sa Antipolo, puting buwang
palutang-lutang sa mala-lawang langit ng alas-otso y media.
Sa side mirror ng taxi, sumisilip ang gusa-gusaling bintana ng Makati.
Iniisip ko naroroon ka sa isa sa mga iyon,
nakadungaw habang kinakalas
ang pagkakabutones ng iyong blusa.
Iniisip ko hinahanap mo rin ako
sa libo-libong taxi na umuuwi sa isang kuwartong hindi sa iyo.
Sa tagu-taguan sa pagitan ng ikaw at ako,
ang lungsod lang ang nananalo.

**Sa Antipolo Siguro Tayo Titira Nang Magkasama**

Isang bundok ang lungsod ng Antipolo.
Isang bundok din ang nakasilid sa dibdib ko
kaya hindi kami magkasundo. Sumakay ako ng bus
papuntang Balibago at paunti-unting binabato
ang mga graba't buhanging nag-ipon sa bulsa
ng aking pantalon. May nilamukos na tulang
nakasulat para sa iyo, itinapon ko rin iyon. Nakita ko ang puso ko't
itinapon ko rin iyon. Pagtuntong ko ng Santa Rosa,
mas gumaan ang dalahin ko.
Papuri sa Iyo, Panginoong Hesukristo.
Nais kong ibalita sa iyo na unti-unti na akong
natututong mapag-isa. Maliit na supot ng tinapay lang
ang binibili ko ngayon. Isang karton ng gatas na lang,
kalahating dosena ng itlog. Tatlong de latang iba-iba ng laman
at maliit na shampoo na magtatagal ng isang buwan.
Mas mahaba na rin ang tulog ko sa gabi,
at sa umaga, sa hindi ko maipaliwanag na dahilan,
mas tumatagal ang aking pagsisipilyo
ng isa't kalahating minuto,
kahit wala na namang hahalikang labi ang mga ito.

**Sa Antipolo Magulo rin ang Batas-Trapiko**

Pinakamahirap daw ang pag-uwi sa Maynila,
ang sabi ni Marco.
Kung tama siya, hindi na ako magtataka
kung bakit ka ganito:
galit sa mundo.
Ganito ang ginagawa sa atin ng lungsod,
ginagawa tayong galit sa mundo.
Pumalatak ang drayber
ng aming sakayan, minura ang nagkabuhol-buhol
na lalamunan ng Taguig. Kunwari
tinutulaan nito kaming tatlo
sa loob ng aming sasakyan,
pero wala akong naririnig
kundi ang sarili kong daliri
habang tinitipa sa cellphone
ang numero mo.
Samantha, gusto kitang bisitahin ngayon
pero magulo pa rin ang mundo.
O baka ako lang ang magulo
at sinisisi ko ang mundo para mapalubag ang loob ko.
Inilapat ng gabi ang tainga nito
sa lupa ng Comembo
at narinig niya ang hininga ko sa dako ng linya mo.
Balita: Narito pa rin kami sa kalye, tumutulala.
Naghihintay na matapos ang paghihintay.
Nauutal din pala ang Maynila, at kung sakaling
pumayag siyang makipag-inuman sa akin
isang gabi, baka magkasundo kami.

**Sa Antipolo Ako Unang Nag-aral**

Sa Pasig ako natutong hawakan ang aking katawan.
Sa Quezon kung paano hawakan ang katawan
ng ibang tao. Wala akong natutunan sa Antipolo
kundi kung paanong bigkasin ang pangalan mo.
Kung papaanong humawak ng kamay ng isang babae.
Samantalang dati, malaki pa ang tisa
sa aking mga daliri. Samantalang dati nahahawakan pa kita
na parang mahal kita magpakailanman.
Kaya lang distansya. Kaya lang may SLEX
sa pagitan ng ating mga hita. Ngunit Samantha,
matatas ko pa ring nabibigkas ang kurba ng iyong dila,
ang hubog ng buto sa iyong balikat.
Nag-eensayo pa rin ako ngayon sa Laguna
kahit ako'y nag-iisa. Kung paano sabihin ang pangalan mo
para magtunog naglilitanya.
Nakaumang pa rin ang aking bibig
sa korte ng iyong bunganga, naghihintay ng makakausap
sa isang wikang ikaw at ako lang ang nakakaalam.

**Sa Antipolo Dumadaan ang Fault Line ng Marikina**

Kapag nasa Makati ako't
nakatingala sa mga gusali,
ang naiisip ko *lindol.*
Kapag nakatanaw ako sa talahiban ng Laguna,
*sunog.* Kapag nakatingin na naman ako
sa retrato ng iyong bibig, *baha*. Para bang
kung dumaan na naman ang isang gabi
na hindi ka nakikita, mauulol ako
na parang mamamatay-tao.
Na parang mag-aamok ako
sa kahabaan ng Balibago at pagtatagain ko
ang mga tao dito. Ang totoo, mahal kita
sa paraang pati ako'y natatakot.
Wala akong kutsilyo, mayroon lang akong
mga labing naghuhugis-patalim
kapag kinakatagpo nila
ang pisngi mo. Naghuhugis-paruparo
kapag pinapupula ka na ng tatlong bote
ng serbesa. Kapag namumukadkad na ang dugo
sa ilalim ng balat sa iyong mukha.
Minsan gusto ko ring masugatan,
tulad ng kalsada sa pasikot-sikot na bituka
ng Antipolo. Magpasâ na parang lungsod
kapag ginugulpi ng maiitim
na kamao ng gabi. Gusto ko ring matapalan
ng aspalto sa sikmura para lang bakbakin uli ng ulan,
lindol, ten-wheeler sa aking sentido.
Masira para matulad sa iyo,
biniyak ng kinagisnang mundo.

**Sa Antipolo pa rin Ako Umuuwi**

Hinahatak ako pabalik
ng mga bagay na hindi ko mabitbit.
Batobalani ang aking dibdib
ng mga nangungulilang bagay. Maaari mong tawagin itong
simpatiya, pakikisama, pero Samantha,
totoo iyon, mahal pa rin kita.
Hindi ibig sabihin nito
ay gusto na kitang makasama.
Lumipat ako ng silid dito sa Laguna
dahil may mga bagay na ayoko nang makita.
Mula sa aking bintana,
parang batis ang Makiling sa umaga, at umiinom ang mga pipit
sa aking haraya mula dito, nagwawala sa loob ko.
Ibig sabihin nito
uuwi ako sa Antipolo sa susunod na Sabado,
dala-dala ang talahiban ng Sta. Rosa
sa aking puso. Aakyatin ko ang alaala mo
na parang bundok sa Antipolo at uupo sa tabi mo.
Sabay nating tatanawin doon
ang liwanag ng lungsod, doon sa kung saan
hindi niya tayo mahahawakan, hindi matatalo.